# IPON Report
# July 21st - 30th, 2009

## I. Interviews

**July 21st**

**Nilantangan, San Francisco**

Ang unang dahilan ng pagbisita ng IPON ay ang makatagpo si Nele (IPON, Germany) para makipagpalitan muna ng mga datos bago simulan ang pagbisita sa mga piling lugar. Ang pangalawang dahilan ay ang makapanayam si Yoly para maipaalam sa kanya ang pagdating ng bagong grupo ng IPON, at para na rin maiparating sa kanya ang tuluyang supurta at tulong ng IPON sa kanyang kaso. Ang nasabing pagdalaw ay personal na ginawa dahil sa seryoso at kritikal na kalagayan ng kanyang kaso. Dahil na rin para mabuo at masiguro ang tiwala sa pagitan ni Yoly at ng IPON.

**July 25th**

**Arsenio “Ka Arsing” Villamor, Sitio Recudo (Brgy. Talisay), San Andres**

Para magkaroon ng mga bagong impormasyon at datos para sa kanilang documentation system, nakipagpanayam ang IPON kay Ka Arsing at sa lima pang magsasakang may kinalaman sa kaso. Sinuri ng IPON ang mga nakuhang impormasyon. Nagtanong na rin sila tungkol sa kung anong bagong kaganapan ang nangyayari sa mga naisumiting kaso, pati na rin ang kaso tungkol sa usaping lupain.



May hatol nang naipataw sa walong magsasaka. Pero hangang sa ngayon, nakabimbin pa rin ang kaso ng natitirang sampung magsasaka. Hindi makausad ang kaso sa kasalukuyan dahil sa hindi pagkakaunawaan sa panig ng mga magsasaka at kanilang abogado. Maliban sa hindi pa rin malutas na usapin sa lupa, may kaso pang qualified theft ang labingwalong nasabing magsasaka.

Isasama ng IPON ang mga kasalukuyang hinaharap na suliranin ng mga magsasakang KMBP ng Sitio Recudo, Barangay Talisay bilang halimbawa sa gagawing Legal Harassment Report . Ito ay upang mapataas ang pagbibigay pansin tungkol sa kabulukan ng mga sistemang hustisya, legal, at repormang agraryo ng Pilipinas.

**July 26th**

**A. San Andres Town, San Andres**

Noong Enero 27, 2009, tatlong miyembro ng IPON, kasama ang isang tagasalin at lima pang magsasaka, ay binigyan ng isang babalang putok (warning shot) ng dalawang goons sa Mangero. Isang araw matapos ang pangyayari, si Danny Morales ay nakaranas ng harassment galing sa kapatid ng isa sa mag goons na kasali sa nasabing insidente. (Tingnan ang taunang ulat ng IPON para sa kabuoang kuwento.)

Balak ng IPON na makapanayam si Morales para makakuha ng bagong impormasyon tungkol sa nakaraang insidente, at para na ring malaman ang naidulot ng IPON sa pagsama at pagsubaybay sa mag lakad ng mag magsasaka noong mag araw na iyon. Pero hindi naging posible ang makapanayam siya. Sa halip, si Tatay Galo na lang ang tinanong.

Ayon kay Tatay Galo:
Ang kapatid ng isa sa mga goons na kasama sa insidente ay pinagkamalan na si Morales ang nagpa-blotter sa nangyaring pagpapaputok noong Enero 27th. Naranasan ni Morales na ma-harass ng taong iyon na may gamit na baril.

Nakita ni Tatay Galo ang pangyayari at tumawag agad siya sa pulis. Makalipas ang 30 minuto, dumating ang mga pulis ngunit wala na ang suspek. Si Morales, kasama ang kaniyang Nanay, ay pumunta sa Mayor ng bayan para humingi ng tulong. Pero sinabi ng Mayor na huwag nang ituloy ang kaso. Ang rason sa nasabing reaksyon ng Mayor, sabi ni Tatay Galo, ay dahil sa ang ama ng suspek na sumugod sa bahay ni Morales ay isang kapitan ng barangay. At malapit ang relasyon sa pagitan ng mga nasabing Mayor at Kapitan. Simula noon, wala nang napabalitang pananakot kay Morales. Ngunit kapag gabi, nakikitulog si Morales sa bahay ng kanyang mag magulang.

**B. Tatay Garlo, San Andres Town, San Andres**




Upang makakalap ng mga bagong impormasyon at datos para sa kanilang documentation system, nakipagkita ang mag miyembro ng IPON kay Tatay Garlo sa bahay ni Kuya Boy.

Noong nakaraang Nobyembre 2008, sumama ang IPON sa OCI survey. Para sa impormasyon tungkol dito, nagtanong ang IPON kay Tatay Garlo kung may desisyon nang napataw sa land issue. Wala pa raw kahit na anong desisyon, at kahit na ang PARO ay wala ring alam kung may desisyon nang naipataw.

Naghihinakit si Tatay Garlo sa MARO dahil sa kanyang paningin, hawak ito ng landlord. Sinabi rin niya na ipinapastor pa rin ng landlord ang mga baka sa Bungag. Pero sinabi niya na natigil na ang pagpapalayas at pagigiba ng kanilang mga kabahayan. Hindi niya masabi kung ang pagtigil ng landlord sa pagpapalayas at pagigiba ay may kaugnayan sa pagkakaroon niya ng baragay kagawad na kapatid.

Ipagpapatuloy ng IPON ang pagsubaybay sa OCI survey. Bibigyan din nila ng diin ang pagiging 'bias' ng mga lokal at rehiyonal na mga opisyales ng DAR.

**July 26th and 27th**

**A. Bienvenido "Benido" Mahilom at Genardo "Buda" Saul, Sitio Aromahan (Brgy. Tala)**

Katulad sa mga ibang kaso, kinapanayam ng IPON sina Benido at Buda para makakalap ng mga bagong impormasyon at datos para mapagbuti ang IPON documentation system. Nalaman ng IPON mula sa dalawang nabangit na pangalan na pareho na silang nakatangap ng CLOA. Tungkol sa kaso ng dalawa, nakapagbigay na si Atty. Gatdula ng 'motion to dismiss the case' para kay Benido, at 'counter affidavit' naman para kay Buda. Wala pang desisyong naipapataw tungkol sa mga ito. Dahil dito, nais ng IPON na makadalo sa gagawing court hearing para sa dalawa sa darating na Agosto 25, 2009. Humingi rin ng pahintulot ang IPON para makadalo sa gagawing pagpupulong sa DARAB sa darating na Agosto 18, 2009 tungkol sa reklamo ni D. Reyes.

**B. Reynato "Nato" Heliran, Balig'ang, San Andres**

Naglimbag ang IPON ng kuwento sa isang pahayagan sa Alemanya noong Mayo 2009 tungkol sa Sitio Balig'ang. Ang nasabing kuwento ay nakasulat sa salitang Aleman at isinalin ito ng IPON sa Tagalog. Si Susann Weitzel, miyembro ng IPON na siya ring nagsulat ng nasabing kuwento, kasama ang isang tagasalin, ay pumunta sa Balig'ang upang ibigay ang isinaling kuwento kay Reynato Heliran, isang pinuno ng mga magsasaka. Ginamit na rin nila ang pagkakataon upang makakuha ng mga bagong impormasyon at datos tungkol sa kalagayan sa nasabing lugar. May inihatid din silang dalawang sulat na nakapangalan sa mag miyembro ng KMBP.

**July 29th**

**Rosemenia Empas, Emilio Saraga and Nene, Kulisan, San Andres**

Ang dahilan ng pagbisita ng IPON sa Kulisan ay para makipagpanayam kina Rosemenia Empas, Emilio Saraga, at Nene. Ito ay upang makakuha ng mga bagong impormasyon at datos tungkol sa lagay ng seguridad sa lugar, at para malaman na rin ng IPON ang lagay sa Witness Protection Program ng mga saksi sa Julie case. Ang nakaraang ulat kasi ng IPON sa kasong ito ay nakapagbigay pansin sa German foreign ministry, at naging interesado na ito sa kung ano mang bagong impormasyon ang makukuha tungkol sa Julie case.

Sa pakikipagpanayam, ipinagbigay alam ng IPON ang kanilang mga nasaliksik na bagong datos tungkol sa Julie case. Humingi din ang IPON ng opinyon tungkol sa papel na ginagampanan ng mga opisinang gobyernong may kinalaman sa kaso (hal. PNP, CHR, at iba pa). Ipinaalam din ng IPON ang ilalabas nitong ulat tungkol sa mga nagawa nito simula noong Hunyo 2008 hangang Hunyo 2009. Sa huli, sinabi ng IPON ang kagustuhan nitong makapanayam ang gobernador na si Raffy Nantes tungkol sa mga nagaganap sa kinasasakupan niyang lalawigan. Nagpahayag ng kagustuhan si Rosemenia na makasama sa IPON sa gagawing panayam sa gobernador. Sinabi ng IPON na ipagbibigay alam na lang sa kanya kung kailan magaganap ang pakikipagpanayam.

## II. Meetings

**July 22nd**

**A. KAMASA Meeting sa Aurora, San Fransico**

Sa impormasyong natangap ng mga miyembro ng IPON tungkol sa mga aksyon sa Leasehold Implementation sa Nilantangan, humingi sila ng pahintulot para makadalo sa pagpupulong ng KAMASA. Nais nilang makakuha ng mga impormasyon at datos tungkol sa Installations. Sa mga magsasakang KMBP, nagpahayag ang IPON na lagi silang handang sumama at magsubaybay sa ano mang gagawing pagkilos.

**July 27th**

**B. SMLP Meeting sa Sitio Cabulihan, Barangay Tala, San Andres**

Dahil sa hindi pa nakararanas ng pagdalo sa pulong ng KMBP sina Ina at Sven, humingi sila ng pahintulot para makadalo. Nakapanayam nila si Danny Cortez (ang kalagayan niya ay may kaugnayan sa mag magsasaka ng Sitio Cabulihan) para makakalap ng mag bagong impormasyon at datos na gagamitin para sa IPON documentation system.



## III. Kadagdagang Impormasyon

**July 22nd**

**Panayam kina Nanay Valeriana Luna at Haidee Safra, Sitio Cabuluhan, San Francisco**

Pinayuhan ni Rolando Zano ang IPON na kausapin ang dalawang magsasakang sina Nanay Valeriana Luna at Haidee Safra sa pulong ng KAMASA sa Aurora, San Francisco. Dahil dito, nalaman ng IPON galing mismo sa dalawang nasambit na magsasaka ang kinahaharap nilang suliranin. Pinapalayas sila sa kanilang mga kinatitirikan at pinipigilang mag-ani. Tinatakot sila ng landlord na sasampahan ng kaso kung hindi sila aalis sa kanilang kasalukuyang tinitirahan. Ikinuwento din ni Ginang Safra ang sapilitang pag-agaw ng mga goons sa kanyang sako-sakong copra. Pero hangang sa ngayon, wala pang kasong naisasampa ukol dito. Susubaybayan ng IPON ang mga magaganap galing sa pangyayaring ito.

**July 26th**

**Panayam kay Boy Olaso, San Andres Town, San Andres**

Habang hinihintay ang pagdating ni Tatay Garlo sa bahay ni Kuya Boy, ginamit ng IPON ang oras para tanungin si Kuya Boy tungkol sa kalagayan ng mga kaso sa Sitio Banaba. Sinabi niya na mahirap ang kalagayan ng mga magsasaka dahil hindi na sila pinapayagang mag-ani. Ang pagtutol na ito ay dahil sa pagpalit ng may karapatan sa lupa. Sa madaling sabi, hindi na sila pinapayagang mag-ani ng bagong may-ari. Sinabi rin niya na may nararanasan pa silang suliranin tungkol sa pagkuha ng abogado dahil naubos na ang pundong nakalaan para sa bagay na ito. Sa ngayon, ang paghahanap nila ng abogado ay naging mahirap dahil sa kakulangang pinansyal.